## KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 98-013

**KAUTUSANG PANLUNGSOD NA IPINAGBABAWAL SA SINUMAN ANG GUMAMIT NG LABAG NA PAMAMARAAN SA PANGINGISDA SA LAWA NG LAGUNA NA NASASAKUPAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

***********************************************************************

Ipinanukala ni: **Kon. Aldrin L. San Pedro**

***********************************************************************

**SAPAGKAT**, alinsunod sa probisyon ng *Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991*, partikular ang ***Seksyon 458 (1)(vi)***, ang *Sangguniang Panlungsod* ay may kapangyarihan na magpasa ng batas na naglalayong pangalagaan ang kapaligiran at magpataw ng karampatang parusa sa mga hakbangin na makapipinsala sa kapaligiran, tulad ng paggamit ng nakakapinsalang pamamaraan sa pangingisda na nagdudulot ng di balanseng ekolohiya;

**SAPAGKAT**, ang ***Lawa ng Laguna*** na nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa ay isang likas na kayamanan na kinakailangang pangalagaan;

**SAPAGKAT**, ang ***Lawa ng Laguna*** ay pinagkukunan ng hanapbuhay ng marami sa mga mamamayan ng ating Lungsod;

**SAPAGKAT**, may mga mangingisda na gumagamit ng mga labag na pamamaraan ng pangingisda sa ***Lawa ng Laguna***;

**NGAYON, DAHIL DITO, ISINASABATAS NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD** ang mga sumusunod:

### ARTIKULO I
### Kahulugan ng mga Salita

**SEKSIYON 1.** Ang mga salita na gagamitin sa ordinansang ito ay mangangahulugan ng mga sumusunod:

a. ***Paninibog o batengteng*** – isang uri ng pamamalakaya kung saan ang mangingisda ay naglaladlad ng pante sa lawa na may habang pitong (7) metro (kada banatan) [kalimitan ay mula dalawampu (20) hanggang animnapung (60) banatan] na matapos iladlad ay bubulabugin ang mga isda patungo sa mga iniladlad na pante sa pamamagitan ng paghataw sa tubig ng bakal o kaya'y kawayan.

b. ***Seket*** – paggamit ng lubid na may taling iba't-iba upang libangin ang mga isda. Ito ay may tarupet na iikutan ng lubid upang doon maipon ang isda.

k. ***Baby Trawl*** - Ang pamamalakayang ito ay gumagamit ng bangkang de motor na may lakas na mula 12 GHP pataas. Ang lambat na ginagamit dito ay may sukat na 6, 7, at 14 sa bukana at 20 mesh net (sukat ng lambat);

d. ***Pukot*** - Ang pukot ay may sukat na mula 300 metro pataas na ilaladlad ng pabilog, bago babatakin ng pasalikop upang mahuli ang mga isdang malalaki at maliliit. Matapos batakin, ang mga nahuling isda ay ilalagay sa isang malaking tarupet (kulong na lambat);

e. ***Kitang*** - Isang uri ng pamamalakaya na ginamitan ng pising may taga na may pagitan na halos isang metro bawat taga. Ito'y pinapainan ng hipon o bulate. Ang pamamalakayang ito ay mapanganib sa tubig lawa at kung matatapakan ang taga ay maaaring ikamatay ng mga nangingisda sa tabing bahagi ng lawa;

g. ***Pangunguryente*** **o** ***electro-fishing*** - Ito ay isang paraan ng pangingisda na ang ginagamit ay isang steel rod na kinakabitan ng kawad o mula sa linya ng kuryente sa bahay. Ang ibang uri nito ay baterya (12 volts) na nilalagyan ng aparato at dalawang rod na isinasaksak sa tubig upang makuryente ang mga isda. Ang pamamalakayang ito ay nagiging dahilan ng pagkabaog ng isda;

h. ***Trawl*** **o** ***Alawas*** - Ito ay isang pamamaraan ng pangingisda kung saan ang lambat (fishing net) o alinmang uri ng panghuli ay isinasagad sa sahig ng lawa sa pamamagitan ng mga pabigat na ang layon ay mahuli ang mga isda at ilan pang uri ng mga lamang-dagat. Ito ay nagiging dahilan ng pagkaubos ng mga semilya at maliliit na isda pati na ang pagkamatay ng mga itlog ng isda;

## ARTIKULO II
## PANUNTUNANG IPATUTUPAD

**SEKSIYON 2.** Ang paggamit ng mga sumusunod na pamamaraan ng pangingisda ay ipinagbabawal;

a. Paninibog o Batengteng
b. Seket
c. Baby Trawl
d. Pukot
e. Kitang
f. Pangunguryente o electro-fishing
g. Trawl o Alawas

**SEKSIYON 3.** Ang mga sumusunod na parusa ay ipapataw sa sinumang lalabag sa Kautusang Panlungsod na ito:

1. ***Unang Paglabag*** - Multa na halagang Limang Daang Piso **(P500.00)** bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo ng dalawang (2) araw;

2. ***Ikalawang Paglabag*** - Multa na halagang Isang Libong Piso **(P1,000.00)** o pagkabilanggo ng apat (4) na araw o parehong multa at pagkabilanggo sa malayang pagpapasya ng hukuman;

3. ***Ikatlong Paglabag*** - Multa na halagang Dalawang Libong Piso **(P2,000.00)** bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo ng anim na buwan o parehong multa at pagkabilanggo sa malayang pagpapasya ng hukuman at sa pagkumpiska ng mga lambat na ginamit;

## ARTIKULO III
## PAGPAPATUPAD

**SEKSIYON 4.** Ang *Kautusang* ito ay ipatutupad ng ***Tanggapan ng Pangangasiwa ng Lawa.***

**SEKSIYON 5.** Alinmang ordinansa o resolusyon na taliwas sa probisyon ng ordinansang ito ay pinawawalang bisa.

**SEKSIYON 6.** Ang kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos na mapagtibay at maitala sa mga bulletin board ng bahay pamahalaan at iba pang hayag na lugar at paglalathala sa isang pahayagan na may lokal na sirkulasyon;

**PINAGTIBAY**, ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa,*** ngayong **23 Nobyembre 1998**, sa ginanap na **ika-19** na ***Regular na Sesyon.***

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

*Mggl.* **RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

*Mggl.* **JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

*Mggl.* **PATRICIO L. BONCAYAO, *Jr.***
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, *Jr.***
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**Dr. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, Jr.**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor/*
***Pangulo***
*Asosasyon ng mga Punongbarangay*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor/*
***Pangulo***
*Pederasyon ng Sang. Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kautusang Panlungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

*Mggl.* **JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* 2-22-99

**Norie**

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196